**Siudad ng Tacoma Title VI Complaint Process**

Kahit sinong taong naniniwala na siya ay nakaranas ng diskriminasyon kontra sa basehan ng kaniyang lahi, kulay, o pinanggalingang bansa sa Siudad ng Tacoma ay puwedeng maghain ng Title VI complaint sa pamamagitan ng pagkontak sa ahensiya. Ang reklamo ay dapat makompleto at maisabmita sa pamamagitan ng Title VI Complaint form linked sa ibaba para mapadali ang imbestigasyon. Ang Siudad ng Tacoma ay mag-iimbestiga ng mga reklamo na natanggap sa loob ng 180 na araw pagkatapos noong nagawa yong insidente.

Pag natanggap na ng Siudad ngTacoma, ito ay papag-aralan para madesisyonan kung ang reklamo ay naaangkop sa Title VI complaint at/o kung mayroong sapat na impormasyon para maimbestigahan. Ang naghain ng reklamo ay makakatanggap ng sulat na natanggap na nila ang reklamo at mabibigyan ng kaalaman kung ang reklamo ay nasasakopan sa ilalim ng Title VI.

Ang Siudad ng Tacoma ay tatapusin nila ang imbestigasyon sa loob ng 90 na araw magmula noong natanggap nila ang kompletong porma ng reklamo. Kung nangangailangan pa ng karagdagang impormasyon para maresolba ang kaso, ang Siudad ng Tacoma ay maaaring kontaken niya ang naghain ng reklamo. Maliban lang kung binigyan pa ng karagdagang panahon ng Siudad ng Tacoma, ang naghain ng reklamo ay mayroong sampong (10) mga araw magmula sa petsa ng sulat para ipadala ang hiniling na impormasyon sa Siudad ng Tacoma sa imbestigador na itinala sa kaso.

Kung ang imbestigador ng Siudad ng Tacoma ay hindi kinontak ng nagrereklamo hindi natanggap yong karagdagang impormasyon sa loob ng kinakailangang oras, ang Siudad ng Tacoma ay maaring isarado nila yong kaso. Ang kaso ay maisasarado din kung ang naghain ng reklamo ay hindi na ipagpatuloy ang kanyang kaso.

Ang Siudad ng Tacoma ay iimbestigahan ang mga reklamo ng Title VI sa mga mayroong sapat na impormasyon. Pagkatapos makompleto ang imbestigasyon, ang nagrereklamo ay mabibigyan ng isa sa dalawang sulat: ang pangsarang sulat o ang sulat kung ano ang natuklasan. Ang pangsarang sulat na nagbubuod ng mga aligasyon, nagsasabi na ang Title VI na bayolasyon ay hindi mabuo, at ipagbibigay alam sa nagrereklamo na ang kaso ay isasarado na. Ang sulat ng mga natuklasan ay bumubuod sa mga aligasyon at nagpapaliwanag ng kahit anong puwedeng ituwid na kilos ay nairekomenda at/o naisagawa na.

Ang nagrereklamo ay puwedeng mag-apela sa desisyon sa paraan ng pagsasabmita ng nakasulat na kahilingan sa Siudad ng Tacoma's Deputy Chief Executive Officer sa loob ng labin-limang (15) araw na bukas ang mga negosyo magmula sa petsa ng sulat ng pagsasara o sulat ng pagtuklas . Ang kahilingan na apela ay nagsasaad ng basihan ng apela. Ang Deputy Chief Executive Officer ay magbibigay abeso sa naghain ng reklamo tungkol sa desisyon kung ito ay tanggapin o hindi tanggapin sa loob ng sampong (10) mga araw. Sa mga kasong napapagbigyan ang apela, ang Deputy Chief Executive Officer ay magbibigay ng sulat ng determinasyon sa nagrereklamo kaagad pagkatapos pag-aralan ang apela.

Kahit sino ay puwede ring maghain ng reklamo diretso sa U.S. Department of Transportation sa pamamagitan ng pagkontak mismo sa Departmento sa: U.S. Department of Transportation, Federal Transit Administration's Office of Civil Rights: Complaint Team, East Building, 5th Floor – TCR, 1200 New Jersey Avenue, SE, Washington, DC 20590 or call 1-888-466-4511.

City of Tacoma Contact Information:

Para sa karagdagang impormasyon sa City of Tacoma’s Title VI Policy at mga hakbang para maghain ng reklamo kontaken ang 253-591-5000; TTY Relay 711; o mag email sa cityoftacoma.org/Tacomafirst; o sumulat sa Customer Support Center, 747 Market Street, Room 243, Tacoma, WA 98402.